



Ang National Whistleblower Center, na matatagpuan sa Washington, D.C., ay ang nangungunang NGO sa larangan ng batas sa tagapagsumbong. Mahigit 30 taon na kami sa larangan ng pagpoprotekta at pagbibigay-insentibo sa mga tagapagsumbong.

Ano ang Tagapagsumbong?

Ang tagapagsumbong ay isang tao na nagsusuplong ng katiwalian, panunuhol ng mga opisyal ng gobyerno, krimen sa mga maiilap na hayop mula sa gubat, o iba pang mga paglabag sa batas sa kaukulang otoridad, madalas sa kanyang sariling kapahamakan. Sa ilalim ng ilang batas, ang mga NGO ay itinuturing ding "mga tagapagsumbong."



Ang mga Tagapagsumbong ay Malakas na Puwersa sa Laban Kontra sa Bentahan ng Maiilap na Hayop mula sa Gubat!

Sa nakalipas na ilang taon, nagkaroon ng kapuna-punang pagtaas ng mga krimen laban sa maiilap na hayop mula sa gubat, at nagdudulot ng banta sa seguridad at katatagan ng maraming bansa.

Ang bentahan ng mga maiilap na hayop mula sa gubat ay isang multi-bilyong dolyar na industriyang pang-internasyonal, na may mababang bilang ng mga naaaresto o nahahatulan.

Ang pagbibigay ng insentibo sa mga tagapagsumbong, iyong may personal na kaalaman, ang magpapabago sa paghuli ng krimen laban sa mga maiilap na hayop mula sa gubat, magpapa-igting sa pagpapatupad ng batas at boluntaryong pagsunod, at babaliktad sa krisis ng pagkalipol ng mga maiilap na hayop mula sa gubat.

Pag-uulat ng Ebidensiya ng Krimen Laban sa Maiilap na Hayop mula sa Gubat

Maaari kayong maging tagapagsumbong ng mga krimen laban sa mga maiilap na hayop mula sa gubat kung kayo ay mayroong personal na kaalaman tungkol sa mga katiwalian at mga dokumento na magpapatunay sa mga ilegal na gawain.



Mahalaga ang paglikom at pagsasa-ayos ng mga ebidensiya ng krimen laban sa maiilap na hayop mula sa gubat na inyong naoserbahan.

Maaaring imbestigahan ng mga ahensiya ng gobyerno ang mga sumbong kapag ang mga ito ay suportado ng mga matitibay na ebidensiya:

- Mga Larawan
- Mga E-mail
- Mga Business Card o Tarheta ng Negosyo
- Mga Siyentipikong Ulat
- Mga Billing Record
- Mga Datos ng Badyet at Pinansiya
- Mga Ulat Panloob
- Mga Tala sa Pagpupulong
- Mga Voice at Video Recording
- Mga Resulta ng Siyentipikong Pagsusuri
- Mga Ruta ng Biyahe at Paraan ng Pagbibiyahe

- Impormasyon ng Account sa Bangko
- Katibayan ng Panunuhol at Money Laundering

Mariing pinapayuhan ang sinuman na may impormasyon tungkol sa mga paglabag sa mga batas na nagpoprotekta sa mga maiilap na hayop mula sa gubat sa ALINMANG bansa na kumuha ng abogado upang masigurado na mapoprotektahan ang impormasyon.

Mga Pabuya para sa mga Tagapagsumbong

Ang mga internasyonal na tagapagsumbong ay nakatanggap na ng mahigit \$30 milyon sa ilalim ng batas ng Estados Unidos kaugnay ng pabuya para sa pagsusuplong ng panunuhol sa mga opisyal ng ibang bansa.

Ang gobyerno ng Estados Unidos ay nagbayad ng mahigit \$31.8 milyon sa mga tagapagsumbong na hindi mamamayan ng Estado Unidos na nagsumbong tungkol sa polusyon sa mga karagatan.

Ginagamit ng Global Wildlife Whistleblower Program ng NWC ang mga probisyon ng batas kagaya ng Lacey Act, Foreign Corrupt Practices Act, at False Claims Act upang bigyan ng insentibo ang mga may personal na kaalaman upang isumbong ang bentahan at iba pang mga krimen laban sa maiilap na hayop mula sa gubat.

Mga Pabuya at Proteksiyon para sa mga Tagapagsumbong

May malalakas na batas ang Estados Unidos na maaaring gamitin pang-internasyonal, na dinisenyo upang labanan ang mga krimen laban sa maiilap na hayop mula sa gubat at naglalaman ng matibay na mga probisyon para sa pabuya sa tagapagsumbong.

Sinusuportahan ng mga batas sa pabuya na ito ang mga tagapagsumbong sa buong mundo kapag sila ay nagsisiwalat ng mga paglabag sa mga pangunahing batas sa maiilap na hayop mula sa gubat na pumoprotekta sa mga hayop, isda, halaman at mga nanganganib na species mula sa ilegal na pag-aani, bentahan at pag-aangkat papasok sa Estados Unidos, o ng mga mamamayan ng Estados Unidos o mga kompanya na may kaugnayan sa Estados Unidos.

Nagbibigay ang Global Wildlife Whistleblower Program ng NWC ng ligtas at ganap na kompidensiyal na online platform kung saan ang sinuman sa buong mundo ay maaaring magsumbong ng krimen laban sa maiilap na hayop mula sa gubat, at pagkatapos ay iuugnay ang mga tagapagsumbong sa nga abogado na maaaring makatulong upang maibigay ang kanilang mga ulat sa mga otoridad ng Estados Unidos at magpalista para sa mga pabuya batay sa (mga) naaangkop na batas ng Estados Unidos.

Para sa karadagang kaalaman tungkol sa Programa, at kung paano ibibigay ang inyong ulat at makipag-ugnayan sa isang abogado sa pamamagitan ng Wildlife Attorney Referral Service (ARS) ng NWC, mangyaring bisitahin ang: www.whistleblowers.org/wildlife.

Nanalo ang Global Wildlife Whistleblower Program ng NWC ng Grand Prize sa 2016 Wildlife Crime Tech Challenge, isang inisyatibo ng USAID katuwang ang National Geographic Society, ang Smithsonian Institution, at ang TRAFFIC. Nakatanggap din ang Programa ng malaking kaloob mula sa The Wildcat Foundation.